



Rebisado Abril 2020

4 na mga Programa na Makatutulong sa Pagbabayad Mo ng mga Gastos na Medikal

Mayroong mga programa ng pederal at ng estado na magagamit ng mga tao na may Medicare na ang mga kita at mga pinagkukunan ay mababa sa mga itinakdang limitasyon. Ang mga programang ito ay makatutulong sa pagtitipid mo sa iyong mga gastos na pangkalusugan at inireresetang gamot. Kasama sa papel ng dapat malaman na ito ay mga impormasyon tungkol sa mga sumusunod na mga programa:

- Medicaid
- Mga Programa sa Matitipid sa Medicare
- Mga Benepisyo sa Suplementong Kitang Panseguridad (SSI)
- Karagdagang Tulong

Medicaid

Ang Medicaid ay pinagsamang programa ng pederal at estado na tumutulong sa pagbabayad ng mga gastusing medikal kung may limitado kang kita at/o mga dulugan at natutugunan ang mga ibang inaatas.

Ang bawat estado ay may magkakaibang pangangailangan sa kita at dulugan, at nagpapasya kung sino ang nararapat, anong mga serbisyo ang nasasaklawan at ang mga gastos para sa mga serbisyo.

Tawagan ang iyong tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid) para sa karagdagang impormasyon at para makita kung kuwalipikado ka. Pumunta sa [Medicare.gov/contacts](https://www.Medicare.gov/contacts), o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang mga Programa sa Matitipid sa Medicare

Kung ikaw ay may limitadong kita at mga pinagkukunan, maaari kang makakuha ng tulong mula sa iyong estado para mabayaran mo ang iyong mga gastos sa Medicare kung matutugunan mo ang ilang mga kundisyon.

May 4 na uri ng mga Programa sa Matitipid sa Medicare:

Programa ng Kuwalipikadong Benepisyaryo ng Medicare (QMB) — Kung nararapat ka, tumutulong ang QMB Program na bayaran ang mga premium ng Medicare Part A (Pang-ospital na Insurance) at/o Medicare Part B (Medikal na Insurance). Bilang dagdag, ang mga tagapagkaloob ng Medicare ay hindi pinahihintulatang singilin ka para sa mga makakaltas, coinsurance, at copayment ng Medicare kapag kumukuha ka ng mga serbisyo at item na sinasaklawan ng Medicare, maliban sa mga outpatient na de-resetang gamot.

Programa sa mga Tinukoy na Maliit ang Kita na mga Benepisyaryo ng Medicare (SLMB) — Tumutulong sa pagbabayad ng mga hulog sa Bahagi B lamang.

Programa sa Kuwalipikadong Indibiduwal (QI) — Tumutulong sa pagbabayad ng mga hulog sa Bahagi B lamang. Kailangan mong magpatala taun-taon para sa benepisyo sa QI at ang mga aplikasyon ay iginagawad batay sa unang-dumating unang-sisilbihan.

Programa sa mga Kuwalipikadong Walang-kaya at Nagtatrabahong Indibiduwal (QDWI) — Tumutulong sa pagbabayad ng mga hulog sa Bahagi A lamang. Maaari kang maging kuwalipikado sa programang ito kung ikaw ay may pagkawalang-kaya at nagtatrabaho.

Maaaring magka-iba-iba ang mga pangalan ng mga programa at kung paano pinatatakbo sa bawat estado. Ang mga Programa sa Matitipid sa Medicare ay hindi makukuha sa Puerto Rico at sa U.S. Virgin Islands.

Tumawag o bumisita sa iyong opisina ng Tulong na Medical ng Estado, at magtanong ng impormasyon tungkol sa mga Programa sa Matitipid sa Medicare. Upang makakuha ng numero ng telepono para sa iyong estado, bumisita sa [Medicare.gov/contacts](https://www.medicare.gov/contacts). Maaari ka ring tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Mga Benepisyong Suplementong Kitang Panseguridad (SSI)

Ang SSI ay isang benepisyong cash na binayaran ng Social Security sa mga taong may limitadong kita at mga dulugan ng bulag, 65 o mas matanda o may kapansanan. Ang mga benepisyong SSI ay hindi pareho sa mga benepisyong pagreretiro ng Social Security.

Maaari kang bumista sa [benefits.gov/ssa](https://www.benefits.gov/ssa), at gamitin ang “Tulong sa Pagsusuri ng Pagiging Karapat-dapat sa Benepisyong” upang malaman kung ikaw ay nararapat para sa SSI o iba pang benepisyong. Tumawag sa Seguridad Sosyal sa 1-800-772-1213 o sumangguni sa iyong lokal na opisina ng Seguridad Sosyal para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-800-325-0778.

Nota: Ang mga taong naninirahan sa Puerto Rico, sa U.S. Virgin Islands, Guam, o American Samoa ay hindi makakakuha ng SSI.

Karagdagang Tulong

Kung may limitado kang kita at mga dulugan, maaaring kuwalipikado ka sa Extra Help para pambayad para sa iyong mga gastos para sa sa de-resetang gamot ng Medicare. Ang halaga ng Ekstrang Tulong na makukuha mo ay batay sa iyong kita at mga dulugan.

Kung ikaw ay kuwalipikado para sa Medicaid, ang isa sa mga mga Programa sa Matitipid sa Medicare, o SSI, ikaw ay awtomatikong kuwalipikado para sa Karagdagang Tulong sa pagbabayad ng mga gastos sa pagsakop sa de-resetang gamot sa Medicare. Ang kita at ang antas ng mapagkukunan ay maaaring magbago sa bawat taon. Ang tanging paraan upang malaman ng may kasiguruhan kung ikaw ay kuwalipikado ay kung mag-aaplay sa iyong Opisina ng Tulong na Medikal ng Estado (Medicaid).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Karagdagang Tulong, bumisita sa [Medicare.gov/publications](https://www.medicare.gov/publications) upang makita ang libritong “Ang Iyong Gabay sa Pagsakop sa De-resetang Gamot sa Medicare.”

Para sa Higit na Impormasyon

- Tumawag o bumisita sa iyong Opisina ng Tulong na Medikal ng Estado (Medicaid), at humingi ng impormasyon tungkol sa Medicaid at mga Programa sa Matitipid sa Medicare. Ang mga pangalan ng ganitong mga programa at kung paano sila pinalalakad ay maaaring mag-iba sa bawat estado. Tumawag ka kung iyong inaakala na ikaw ay kuwalipikado sa alinman sa mga programang ito, kahit na hindi ka sigurado.
- Tumawag sa iyong Programang Tulong sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (SHIP) upang makakuha ng libreng pagpapayo sa pansariling segurong pangkalusugan. Upang makakuha ng numero ng telepono sa iyong estado, bumisita sa [shiptacenter.org](https://www.shiptacenter.org), o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.
- Bumisita sa [benefits.gov/ssa](https://www.benefits.gov/ssa), o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213 para sa impormasyon tungkol sa SSI o para sa pag-aaplay sa Karagdagang Tulong. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-800-325-0778.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa [Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice](https://www.medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice), o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Binayaran ng Department of Health & Human Services.

